


Ang Ulat sa Pagsisiyasat ng Lungsod ng Kawasaki sa Nalalaman at Kalagayan ng mga Banyagang Mamamayan

<Buod na Bersyon>


Sa Lungsod ng Kawasaki, ang pagkakaiba ng nasyonalidad, lahi o kultura ay itinuturing na kayamanan, ang lahat ng tao ay kinikilala ang pagkakaiba ng bawat isa, ang karapatang pantao ay iginagalang, at ang aming layunin ay mapagtanto ang “Multi-Kultural na lipunan” upang mamuhay ng sama- sama bilang malaya ang mga residente. Sa pagkakataong ito, upang maunawaan ang nalalaman, ang aktwal na kalagayan at pangangailangan ng mga dayuhang residente na naninirahan sa Lungsod ng Kawasaki kami ay nagsagawa ng pagsisiyasat upang samantalain ang mga panukala ng lungsod. Ang ganitong uri ng pagsisiyasat ay mula pa noong 1993, humigit-kumulang 20 taon na ang nakakalipas.

Sa pagsisiyasat na ito, kami ay nagtanong tungkol sa pang araw-araw na buhay, sa medikal at insurance, pangangalaga ng bata at edukasyon, mga aktibidad sa komunidad at pakikilahok sa munisipal, trabaho, at pamahalaang administratibo at iba pa. Bilang karagdagan sa bersyon ng Hapones, ang pag-aaral (palatanungan) ay nakasalin sa iba’t ibang wika tulad ng Ingles, Intsik, Koreano, Espanyol, Portuges, Tagalog, Thai at Vietnamese. Ang mga tinutukan ng pagsisiyasat ay napili ng random gamit ang computer at 5000 banyagang residente ng lungsod na 18 taong gulang o pataas (mga taong walang lahing Hapones) ay pinadalhan ng palatanungan, 921 katao lamang ang tumugon mula sa kabubuan (porsyento ng mga tumugon: 18%). Kung susuruin ang kasarian ng mga tumugon, 37% ay kalalakihan, 61% ay kababaihan, 2% ay walang sagot, at kinukuha ng kababaihan ang halos 60%. Bilang karagdagang impormasyon, nakadetalye sa sumusunod ang pagkakaiba ng tirahan, nasyonalidad at rehiyong pinanggalingan.

[Ang talaan ng pagkakaiba ng Tirahan]



[Ang talaan ng pagkakaiba ng Nasyonalidad o Rehiyong pinanggalingan]



Sa “ulat <buod na bersyon>” na ito, ipapakita namin ang mga pangunahing paksa batay sa resulta ng pagsisiyasat na ito.

Layunin namin ang lalong mapahusay ang mga panukala ng Lungsod ng Kawasaki at patuloy na mapagtanto ang Multi-Kultural na lipunan sa hinaharap batay sa resulta ng pagsisiyasat.


Ang buod na bersyon ay naka-ulat din sa Hapones, Ingles, Intsik, Koreano, Portuges, Espanyol, Thai at Vietnamese. Maaring masiyasat ang buod na bersyon sa sumusunod na website.

<http://www.city.kawasaki.jp/shisei/category/60-7-4-0-0-0-0-0-0.html>

■ Ang sumagot ng “walang problema” sa wikang Hapones ay nasa 30-40 porsyento

Nagsagawa ng sariling-pagtatasa upang sukatin ang kanilang sariling abilidad sa wikang Hapones, ang mga sumagot ng “walang problema” sa < Pagkinig · Pakikipag-usap > < Pagbasa · Pag-unawa > ay nasa 40 porsyento, at < Pagsulat > ay nasa 30 porsyento. Sa kabilang dako, mayroong ding 5-9 porsyento ang sumagot ng “Halos hindi makaintindi”, at kabilang sa mga resulta nito, nasa 10 porsyento ay tumugon ng halos hindi kayang makaintindi ng < Pagsulat > .


【Abilidad sa wikang Hapones】



■ Tumaas ang bilang ng mga dayuhan na naninirahan sa tirahan na sariling pag-aari

Halos nasa 40 porsyento ng mga tumugon ay naninirahan sa tirahan na sariling pag-aari (bahay o condominium). Makikita natin na dumadami ang matagal ng naninirahan sa Lungsod ng Kawasaki at sa loob ng 20 taon tumaas ang porsyento ng mga taong naninirahan sa sarili nilang pag-aari. Sa kabilang banda, marami ang nakaranas at sumagot ng “Tinanggihan dahil sa pagiging isang dayuhan” (21%) at “Hindi makahanap ng tagapanagot” (17%). Sa Lungsod ng Kawasaki ay mayroong “Sistemang nagsusuporta sa pabahay” ngunit ang nakakaalam nito ay 20 porsyento pababa lamang. Bukod pa rito, umakyat sa 16 na porsyento ang mga taong nagkaproblema dahil hindi alam kung paano magparehistro sa pampublikong bahay.


【Uri ng Tirahan】



■ Tumaas ang bilang ng mga full-time na empleyado, ngunit malayo pa rin sa katayuan ng mga Hapon

Pagsiyasat sa kaibahan sa katayuan ng mga lalaki at babae sa trabaho, umaabot sa mahigit 50 porsyento ang full-time na empleyado sa mga kalalakihan ngunit nananatili sa 20 porsyento sa mga kababaihan. Kung titingnan lamang ang mga may trabaho, ang porsyento ng mga may regular na trabaho, kasama ang may posisyon sa kumpanya, ayon sa pagsisiyasat noong 1993 40% rito ay mga kalalakihan at 29% lamang ang mga kababaihan. Ngayong taong 2014 (ang kasalakuyang pagsisiyasat na ito) ay naging 61% sa mga kalalakihan at 35% naman sa mga kababaihan. Parehong nagtaas ang porsyento ng regular na trabaho para sa mga kalalakihan at kababaihan, ngunit kapansin-pansin ang pagtaas sa mga kalalakihan. Ayon sa Pangunahing Pagsisiyasat sa Pagka-Employado (taong 2012) sa Lungsod ng Kawasaki, ang porsyento ng mga taong may regular na trabaho ay 68% sa mga kalalakihan at 42% sa mga kababaihan. Ngunit magpahanggang sa ngayon ay mayroon pa ring pagkakaiba ang mga Hapon at dayuhan kapag inuusapan ang regular na trabaho.

【Katayuan sa trabaho】




■ Halos kalahati ng bilang ng mga anak ng mga dayuhan ay may lahing Hapones

Ang 40 porsyento sa lahat ng mga tumugon ay kasama naninirahan ang kanilang mga anak na edad 18 pababa. Tinanong tungkol sa nasyonalidad ng kanilang mga anak, 51% ng mga bata ay mayroong lahing Hapones (“Wala” 41%, “Walang sagot” 8%).

Pagtanong sa mga tumugon na kasamang naninirahan ang mga anak kung anong wika ang ginagamit sa kanilang tahanan, pinakamarami ang gumagamit ng parehong Hapones at sariling wika na nasa 43%, 36% naman sa mga tumugon ang gumagamit lamang ng wikang Hapones. Mayroong 15% ang kadalasang gumagamit ng sariling wika lamang.

【Mga anak na mayroong lahing Hapones】




■ Nasa 20 porsyento ang mga nakaranas ng diskriminasyon sa nakalipas na isang taon

Sa pagsisiyasat na ito, kami ay nagtanong tungkol sa nararanasan nilang diskriminasyon sa pabahay, trabaho at iba pang larangan. Ang nakaranas sa alinman sa mga diskriminasyon na ito ay 41% ng lahat ng tumugon, ngunit kung titingnan natin ang nakaranas sa nakalipas na isang taon lamang, nasa 20% ito.

Bukod pa rito, tumaas sa 14% ang hininging ipakita ang residence card (o alien registration card) para sa pagkakakilanlan sa mga tindahan, banko, hotel, at iba pang establisyemento.

*Ayon sa batas, ang mga opisyal lamang ng kapulisan at Immigration Bureau ang maaring ihingi ipakita ang residence card para sa pagkakakilanlan.

【Karanasan ng diskriminasyon sa nakalipas na isang taon】




- Ang mga pangunahing nilalaman
 - pagtanggap ng atensiyong medikal
 - Ang mga nararanasang pangangamba o panganib sa kalye.
 - Pinigilan ng pulis kahit walang masamang ginagawa.

■ Nasa 20% ang tumugon ng “Alam ko” tungkol sa Kapulungan ng mga Kinatawan para sa mga dayuhang residente


Ang Kapulungan ng mga Kinatawan ng mga Dayuhang Residente ng Lungsod ng Kawasaki ay itinayo upang isulong na mabigyan ang mga dayuhang residente ng pagkakataon na makilahok at mapagtanto ang mungkahi para sa bayan. Pagtanong tungkol sa Kapulungan ng mga Kinatawan ng mga Dayuhang Residente, ang tumugon ng “Alam ko” ay 21%, “Narinig ko ngunit hindi ko masyadong alam” ay 30% at “Hindi ko alam” ay 47%. Gayunpaman, mataas ang kaalaman ng mga dayuhang residente na maraming taon nang naninirahan sa Lungsod ng Kawasaki.

Bukod pa rito, nagtanong din kami sa mga tumugon ng “Alam ko” kung sa kanilang palagay ay nakakatulong ang nasabing Kapulungan ng mga Kinatawan sa buhay ng mga dayuhang residente, ang tumugon ng “Oo” ay 50%, “Hindi” ay 10% at “Hindi ko alam” ay 39%.

【Ang Kamalayan sa Kapulungan ng mga Kinatawan at Taon ng paninirahan sa Lungsod】



Bilang karagdagan, maaring makita mas detalyadong ulat (wikang Hapon lamang) sa sumusunod na website.

 <http://www.city.kawasaki.jp/shisei/category/60-7-4-0-0-0-0-0-0.html>

Marso 2015

Nagsa-publiko: Tanggapan ng mga Karapatang Pantao at Pagkakapantay-pantay ng Kasarian,
Kawanihan ng Kapakanan ng Mga Mamamayan at Mga Bata sa lungsod ng Kawasaki

1 Miyamoto-cho, Kawasaki-ku, Kawasaki City 210-8577

Tel: 044-200-2359 Fax: 044-200-3914 E-mail: 25gaikok@city.kawasaki.jp

